

# Sekai wa Hitotsu

Inilathala ng Gifu International Center (GIC)

**International Exchange at Multicultural Magazine  
GIFU INTERNATIONAL CENTER**

Pebrero 2023 No.155

© 岐阜県 清流の国ぎふ・ミナモト # 0195



## Unang Gifu Kenjin World Congress

Ginanap ang kauna-unahang Gifu Kenjin World Congress, isang pagtitipon ng mga tao mula sa ibang bansa at ng mga residente ng Prepektura ng Gifu, noong nakaraang ika-29 ng Oktubre, araw ng Sabado at ika-30 ng Oktubre, araw ng Linggo na ginanap sa OKB Fureai Kaikan, Salamanca Hall sa Gifu City. Humigit-kumulang sa 600 katao mula sa iba't-ibang mga bansa ang dumalo sa araw ng commemorative ceremony noong ika-29.

Ang konbensyong ito ay pinangunahan ng Gifu Kenjinkai International (GKI), isang grupong kinabibilangan ng 26 na Prepektura mula sa 17 mga bansa kabilang ang Japan, at ang unang pagkakataong nagsama-sama ang mga kasapi ng Gifu Kenjinkai mula sa buong mundo para sa kaganapang ito.

Ang commemorative ceremony na ginanap noong ika-29 ng Oktubre ay sinimulan ng "Gujo Odori", isa sa tatlong pangunahing Bon Festival dito sa Japan na narehistro bilang UNESCO Intangible Cultural Heritage nitong nakaraang taon. Sinundan ito ng 2 beses na Grammy Award winning trumpeter na si "Shunzo Ohno" mula sa Gifu City, Si "Kyoko Kanda", isang storyteller na taga Mino City, si "Yuya Goto", isang pianist mula sa Hashima City at si "Ryusei Shikano", isang koto player mula sa Tarui town, ay magkakasamang nagtanggap at ipinakilala naman ang mga pioneer ng Gifu na naunang nakipagsapalaran sa mundo sa pamamagitan ng pagkukuwento ng isang mananalaysay. Ang pagtatanggap ay napuno ng kagandahan at puring maipagmamalaki ng Prepektura ng Gifu.

Bilang karagdagan ang GKI at Prepektura ng Gifu ay nagtapos ng isang memorandum nang pagkakaunawaan upang makipagtulungan sa pagpapalawak sa ibang bansa ng mga lokal na produkto. Ang seremonya ay nagtapos sa isang pagpapahayag nang pangangakong "Palakas ang network sa pagitan ng GKI at Prepektura ng Gifu", "Pagpapakilala ng kagandahan ng Gifu", at "Pangalagaan ang mga kabataan".

Noong ika-30 naman, maraming tao ang nasiyahan sa mga ginanap, na kinabibilangan ng mga eksibisyon at pagbebenta ng mga produkto ng Prepektura, pagpapakilala ng mga miyembro ng Kenjinkai, mga workshop upang maranasan ang kulturang Hapones ng Gifu, at ang presentation contest upang suportahan ang mga kabataang nag-aaral sa ibang bansa.



▲ Memorandum ng pagkakaunawaan sa pagitan ng Prepektura at GKI ukol sa pagpapalawak ng mga produkto nito sa ibang bansa

## GKI Hands-on Cultural Exchange Bus Tour

Pagkatapos ng unang "Gifu Kenjinkai World Congress" ay isinagawa ang 3 araw na "Hands-on Cultural Exchange Bus Tour" simula ika-31 ng Oktubre, araw ng Lunes hanggang ika-2 ng Noyembre araw ng Miyerkules upang bisitahin ang Prepektura ng Gifu at bigyan ng pagkakataon ang mga miyembro ng Kenjinkai na mamalas at maranasan ang kagandahan ng Prepektura ng Gifu.

Sa unang araw ay binisita ng mga kalahok ang "Pandayan ng Japanese Sword" sa Seki City, "Udatsu wall", isang makasaysayang distrito sa Mino City at ang "Karanasan sa paggawa ng papel na washi", tradisyunal na papel ng Mino. Naranasan ng bawat kalahok ang mga tradisyunal na industriya ng Prepektura sa Gifu, tulad ng paghampas ng mainit na bakal gamit ang malaking maso sa pagpanday ng Japanese sword, at ang paggawa ng sariling papel na washi na nag-iisa lang sa buong mundo.



▲ Ropeway ng Shinhotaka



▲ Karanasan sa pagsayaw ng "Gujo Odori"

Bukod pa rito, sa Gero City, kung saan sila nagpalipas ng gabi ay nagkaroon ng paghahalubilo sa pagitan ng mga kalahok sa bus tour at mga taong may kinalaman sa International Exchange sa Gero City. Isinagawa ito sa pamamagitan ng pagbuo ng mga pangkat, kung saan ang mga kalahok ay nagpakilala at tinalakay ang mga kahanga-hangang lugar sa Prepektura ng Gifu na nag-iwan sa kanila ng pang matagalang impresyon, na lalong nagpalalim sa ugnayan.

Sa ikalawang araw ng paglalakbay ay tinungo nila ang Shirakawa-go, isang World Heritage Site, at isa sa pinakasikat na tourist spot sa Prepektura ng Gifu, at kanilang natutunan ang paraan ng pamumuhay ng mga nakatira doon. Bagama't hindi maayos ang lagay ng panahon sa Shinhotaka Ropeway ay napakaganda pa rin ng namalas na tanawin dahil sa makulay na mga dahon ng taglagas na naka kalat sa mga bundok patungo sa itaas ng ropeway, maging ang tuktok ng Northern Alps na nabalot sa snow ay kanilang namalas sa obserbatoryo, kung kaya't ang mga taga Kenjinkai ay tuwang-tuwang sa mga tanawing hindi pa nila namalas sa kanilang pinanggalingang mga bansa.


Sa pangatlong araw ay kanilang dinako naman ang Gujo City upang maranasan ang "Gujo Odori" isang tradisyonal na sayaw sa Gujo. Dahil sa marami sa mga kalahok na Kenjinkai ay mula sa Brazil na mahihilig sumayaw kagaya ng sayaw na samba, seryoso at masaya nilang pinag-aralan ang sayaw.

Sa pagtatapos ng tatlong araw na bus tour, ang mga kalahok ay tila lubos na nasiyahan sa "Industriya", "Kalikasan", at "Tradisyon" ng Prepektura ng Gifu. Umaasa kami na ang mga susunod pang mga pagkakataong ganito sa hinaharap ay higit na magpapatibay nang ugnayan sa pagitan ng Prepektura ng Gifu at ng Kenjinkai.

## Isinagawa ang isang Training ng mga Medical Interpreter Volunteer

Dito sa center ay mayroong mga boluntaryong medical interpreter na may partikular na antas ng kaalaman at kasanayan bilang tugon sa mga kahilingan mula sa mga institusyong medikal sa loob ng prepektura, upang ang mga dayuhang nahihirapan sa wikang Hapon ay maaaring kumonsulta sa mga pagamutan ng may kapayapaan nang isipan. (Ang mga wika ay Portuguese, Chinese, Tagalog, at Vietnamese)

Isinagawa ang tatlong araw na online training upang mapagbuti at maiangat ang kakayahan ng mga boluntaryong medical interpreter at makapagsanay ng mga bagong boluntaryo. Dahil sa malaki ang pagkakaiba ng kinakailangang kaalaman ng mga medical interpreter, maging ang tungkol sa sikreto ng mga nasasangkot kaysa sa mga aktibidad ng mga pangkalahatang boluntaryo, sina Ms. Aguri Shigeno at Ms Airi Takashima ng Multicultural Center Kyoto, isang non-profit organization, ay nagturo kung papaano dapat ang taglay na mindset at kadalubhasaan ng isang medical interpreter.



©岐阜県 清流の国ぎふ・ミナモ #0195

## Kurso sa wikang Hapon para sa magkakasamang kultura sa pamayanan

Simula ng ika-12 ng Oktubre hanggang sa ika-16 ng Nobyembre taong 2022 (tuwing araw ng Miyerkules, 18:30 ~ 20:45)

Isang kurso sa wikang Hapon ang ginanap sa Zoom para sa pamayanan ng magkakasamang mga kultura. Ang kursong ito ay para sa mga Vietnamese na naninirahan at nagtatrabaho sa Prepektura ng Gifu. ang layunin nito ay upang patatagin ang pundasyon ng kanilang mga kaalaman ukol sa mga salitang ginagamit sa mga pang-araw-araw na pakikipag-usap, at magkaroon ng tiwala sa sariling gumamit ng mga madadaling salitang Hapon upang alamin ang mga impormasyon at mga baga-bagay na nangyayari sa paligid at maipaliwanag ang kanilang kalagayan sa wikang Hapon. Dahil sa ang tagapagturo ay mula sa Vietnam, nagawa ng mga kalahok na makipag-ugnayan sa kanya sa kanilang sariling wika at sa wikang Hapon, na siyang lalong nag udyok sa kanilang matuto ng wikang Hapon at palalimin ang kanilang pagka-unawa sa kultura ng Hapon. Apat na Vietnamese trainee, isang Vietnamese na nag-aaral sa unibesidad, at isang asawa ng Vietnamese, na mga nakatira sa Gujo ang lumahok sa kursong ito. Lubos na nasiyahan ang mga lumahok at naging interesado silang ipagpatuloy ang kanilang mga pag-aaral.



Nasa ibaba ang mga programa ng kursong ito. Inaasahan namin na mas maraming mga Vietnamese ang sasali sa susunod na pagkakataon.

- Ika-1 sesyon : Pagbati, pagpapakilala sa sarili, pagsasalaysay tungkol sa pinagtatrabahuan at kung anong uri ang trabaho.
- Ika-2 sesyon : Kayang-kayang basahin ang mga karatula atbp., at kayang magpaliwanag tungkol sa mga bagay-bagay.
- Ika-3 sesyon : Papaano kumpirmahin ang mga impormasyon at papaano sabihin ang mga kahilingan.
- Ika-4 sesyon : Papaano humingi ng pahintulot.
- Ika-5 sesyon : Pagpapaliwang tungkol sa sariling kalagayan at sa kung ano ang nangyari.
- Ika-6 sesyon : Papaano sabihin ang palagay tungkol sa kurso at sabihin kung ano ang binabalak na gawin sa hinaharap.

# Update ng "Bicycle Rules" mula Oktubre 1, 2022

タガログ語



## ○ Kailangan na may Insurance sa Bisikleta

- Kumuha ng Bicycle Liability Insurance (*songai baisho sekinin hoken*)
- Ang sumusunod na mga insurance ay sakop ang kabayaran sa pinsala para sa mga aksidente sa bisikleta.

Mga insurance na pwedeng iapply sa mga PTA o paaralan tulad ng 'elementary at junior high school student comprehensive insurance system', 'senior high school student comprehensive insurance system', 'national high school & PTA liability compensation system'. Mayroon din mga optional insurance na maaaring idagdag sa inyong kasalukuyang vehicle insurance, fire insurance atbp.

- Kung ang bisikleta ay may "TS mark", meron itong accident at liability insurance na valid lamang sa loob ng isang taon mula sa petsa ng inspeksyon.

※Kung ito ay higit sa 1 taon, hindi na ito covered ng insurance.

Halimbawa ng kaso kung saan napakalaking halaga ang kailangan bayaran dahil sa bicycle accident

Isang grade 5 elementary student na nakasakay sa bisikleta pababa sa isang slope ay nakabangga ng isang naglalakad na babae... Nagtamo ng malubhang pinsala ang babae na naging sanhi ng hindi na pagbabalik ng kanyang malay. Dahil sa ang magulang ay responsable sa superbisyon ng bata, sila ay naisyuhan na magbayad ng **¥95,000,000**.

I-check rin ang "Family's Insurance"


## ○ Magsuot ng helmet (sikapin gawin ito)



Ang pagsusuot ng helmet ay maaaring magligtas ng iyong buhay

Paghahambing ng death rate ayon sa status ng pagsusuot ng helmet (2020)

(National Police Agency data)



Tuparin ang traffic rules  
Ugaliin ang mabuting asal  
Prioridad ang kaligtasan

【Para sa mga Katanungan】

Gifu Prefecture Environment and Life Department

Citizens' Life Division

TEL : 058-272-1111(Ext.2391)

FAX : 058-278-2889



Public Utility Organization Gifu International Center

TEL:058-263-8066

Maaaring kumunsulta tungkol sa Status of Residence, COVID-19, kalusugan, buwis, Welfare, atbp. sa iyong sariling wika nang libre.

Ipinakikilala,  
aktibong  
organisasyon  
sa Prepektura

# Takayama-Denver Friendship Association

Ang Takayama-Denver Friendship Association ay itinatag na may pangunahing layuning magsilbi bilang punto ng pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga mamamayan ng Takayama city at Denver City (Colorado, USA). Ang dalawang lungsod ay bumuo ng isang sister city affiliation noong taong 1960, at ipinagdiwang ang ika-60 na anibersaryo noong taong 2020. Sa ngayon, pinalalim ng 2 bansa ang pakikipag-ugnayan sa maraming larangan, kabilang ang mahigit sa 2,000 opisyal na delegasyong bumisita sa Japan, pagpapalitan ng mga estudyante sa high school, at maging sa larangan ng medisina at kultura.

"Kizuna-tai" (2/3 ang sukat kaysa tunay na laki) ay isang modelo ng Takayama float festival, donasyon ng Takayama City bilang katibayan ng pakikipag-ugnayan nito sa Denver City. Sa ika-60 na anibersaryo ng partnership, ang mga estudyante mula sa technical high school sa Takayama City ay naglakbay patungong Denver City at sa pakikipagtulungan ng mga lokal na residente ay kinumpuni nila ito.

Dahil sa pagkalat ng bagong impeksyon na coronavirus, ang ugnayan ay ipinagpatulay sa online lamang, ngunit noong Oktubre ng taong kasalukuyan ay tinanggap ang delegasyon mula sa Denver sa unang pagkakataon sa loob ng tatlong taon. Ang bumisitang delegasyon ay binubuo ng 12 miyembro ng Denver-Takayama Sister City Committee, at ang ilan sa kanila ay matagal nang mga kaibigan ng mga kalahok. Namasyal ang grupo sa mga lumang kalye ng Takayama at kanilang naranasan ang kulturang Hapon sa pamamagitan ng pagsusuo ng "kimono", naranasan din ang "Sado" (Tea ceremony) at maging ang pagdidikit ng gintong foil. Nagkaroon din ng paghahalubilo ng mga miyembro ng asosasyon kasama ang alkalde ng Takayama city, na lalong nagpatibay sa bigkis ng samahan. Pagsisikapan naming ipagpatuloy na palalimin ang pakikipag-ugnayan ng mga mamamayan sa pagitan ng dalawang lungsod na ito.

Itinatag : 1977 (Showa 52)



1964 Denver City



2019 Festival Float (Kizuna-tai) kinumpuni



Friendship Hill (Takayama City)



Delegasyon mula sa Denver (Takayama Jinya)

Inilathala ng

**Gifu International Center (GIC)**

Gifu Chunichi Bldg., 2F,  
1-12 Yanagase Dori, Gifu City, 500-8875

☎ 058-214-7700 FAX 058-263-8067

E-mail [gic@gic.or.jp](mailto:gic@gic.or.jp) URL <https://www.gic.or.jp>

Araw at Oras na Bukas: Linggo hanggang Biyernes, 9:30~18:00

Araw na Sarado: Sabado Piyesta Opisyal at katapusan ng Taon

Wika: English, Chinese, Portuguese, Tagalog at Vietnamese

Petsa ng Isyu

**2023 Pebrero 1**

(3 beses sa 1 taon ang isyu Hulyo, Nobyembre at Pebrero)

